

ANG PINAKAMAHUHUSAY NA PARAAN NG PAGGAMIT NG AIR CLEANER

1 Ilagay ang air cleaner nang may layong anim na pulgada (6") mula sa pinakamalapit na gamit kasama pati mga pader. Nakakatulong ito sa pag-intake ng hangin upang mas maraming masagap na hangin ang air cleaner, at mas marami itong makuha at maialis na allergen at usok.

2 Ilagay ito sa patag na surface gaya ng sahig upang ito ay maging matatag. Tiyaking hindi ito matutumba sa sinuman.

3 Ang mga air cleaner ay para sa pangloob na paggamit lamang. Dapat isara ang mga bintana at pinto kapag ginagamit ang air cleaner. Kapag nakabukas ang mga bintana at pinto, puwedeng pumasok ang exhaust mula sa mga sasakyan at usok na dulot ng wildfire. Pinakamahusay gumana ang mga air cleaner sa mga kulob na espasyo.

4 Inirerekomendang ilagay ang air cleaner sa iyong silid tulugan sa gabi, at hayaang nakabukas ito habang natutulog ka. Sa pamamagitan nito, mapapakinabangan ng iyong katawan ang malinis na nasala na hangin sa buong magdamag

5 Inirerekomendang hayaan lamang na patakbuhan ang air cleaner sa mababang setting (low) sa lahat ng pagkakataon. Kapag naturang ang kalidad ng hangin sa labas na dulot ng usok mula sa wildfire ay nakakasama sa kalusugan, patakbuhan ang air cleaner sa mataas na setting (high). Kahit nasa high ito, matipid pa rin ito sa kuryente at mababang gastos. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kalidad ng hangin at mga wildfire, pumunta sa <http://baaqmd.gov/wildfiresafety>.

6 May ilang panlinis ng hangin na may feature na tinatawag na "mga ionizer." Ang mga ionizer ay puwedeng magbuga ng ozone o mga iba pang byproduct na puwedeng magdulot ng iritasyon sa mga baga. Para sa mga panlinis ng hangin na may feature na ionizer, inirerekomendang i-off ang ionizer. (Ang mga modelo ng Winix ay may ionizer na tinatawag na PlasmaWave, na dapat i-off.)

7 PAMALIT SA FILTER

Kailangang regular na palitan ang mga filter. Ang karamihan ng mga purifier ay may pre-filter na kailangang regular na palitan, at filter para sa mga particulate sa hangin na may mataas na efficiency (high efficiency particulate air, HEPA) na kailangang palitan nang kahit isang beses lang kada 12 buwan. Basahin ang mga tagubilin ng manufacturer para sa iyong air purifier. Kapag nagpapalit ng filter, tanggalin ang kurdon ng kuryente sa saksakan, palitan ang filter, at isaksak ito ulit. Pinakamainam na ilabas ang machine sa pagpapalit ng filter, para hindi pumasok ulit sa bahay ang alikabok na nakolekta ng filter.

- Kailangan palitan ang filter ng Medify Air MA-25 kada 3-4 na buwan
- Ang Winix 5300-2 ay mayroon ding nahuhugasang pre-filter at carbon filter na kailangang hugasan kada 3 buwan.

8 MGA TIP SA KALIGTASAN

- Kung ang iyong air cleaner ay may tampok na kandado para sa mga bata/alagang-hayop, i-on ito para hindi magalaw ng mga bata at alagang-hayop ang mga setting.
- Huwag magpatong ng mga gamit sa ibabaw ng unit, dahil mahaharangan ng mga ito ang sirkulasyon ng hangin.
- Huwag ilagay ang air cleaner sa isang kulob na silid kung saan may mga naturang gas na puwedeng sumabog, masunog, o nakakalason na gas.

Mga air cleaner na pinondohan ng



Bay Area Air District

MGA
HALIMBAWA
NG AIR
CLEANER:



WINIX A230



WINIX 5300-2



MEDIFY AIR MA-25



ORANSI MD02